

Pahayag ng Global Psychology Alliance sa Tungkulin ng mga Sikolohista sa mga Internasyonal na Kagipitan

Ang sumusunod na pahayag, na naunang inilabas ng American Psychological Association (APA) noong Hunyo 5, 2008 at binago ng Global Psychology Alliance (GPA) noong Marso 31, 2022, ay naglalayong i-orient ang mga sikolohista ukol sa kanilang epektibong kontribusyon bilang tugon sa mga kalamidad na natural.

Pinagtitiyag ng GPA at ng APA ang Inter-Agency Standing Committee (IASC) Guidelines on Mental Health and Psychosocial Support in Emergency Settings (2007). Ang layunin ng IASC Guidelines ay upang paganahin ang pagpapalano at koordinasyon ng minimum (mahalaga, may mataas na prayoridad sa pagtugon na dapat ipatupad nang agaran) na makatao at multisektoral na tugon upang pangalagaan at pagbutihin ang kalusugan ng isip at kagalingang psychosocial ng mga tao sa gitna ng emergency. Ang IASC Guidelines ay isinulat para sa mga low at middle-income na mga bansa, bagaman ang pangkalahatang balangkas ay angkop din sa mga malakihang emergency sa mga high-income na mga bansa. Ang mga sikolohistang may kasanayan sa patugon sa mga emergency bahagi ng isang itinatag na organisasyong makatao na pinahintulatang magtalaga ng mga propesyonal ay dapat maging pamilyar sa IASC Guidelines.

Binibigyang-diin ng IASC Guidelines na:

- Ang sinumang nakatakdang tagapangalaga sa isang internasyonal na komunidad, kabilang ang mga sikolohista ay kinakailangang makipag-ugnayan sa pamamagitan ng isang itinatag na makataong organisasyon kung saan may sakuna, bago pa man i-talaga ang sarili.
 - Kabilang sa mga halimbawa ng mga makataong organisasyon:
 - Mga ahensya ng UN tulad ng United Nations Children's Fund (UNICEF) at United Nations Refugee Agency (UNHCR)
 - Mga Internasyonal na NGO, tulad ng International Red Cross at ang International Red Crescent Movement, International Medical Corps, at Doctors Without Borders
- Ang mga dayuhang propesyonal sa kalusugang pagkaisipan na nais tumulong – kasama ang mga sikolohista – na hindi kasapi sa isang organisasyong makatao ay **hindi inaabisuhang** maglakbay patungo sa mga lugar na may kalamidad maliban kung matugunan nila ang sumusunod na mga pamantayan:
 - May karanasan sa pagtatrabaho sa mga sitwasyong emergency na katulad ng kung saan sila nila nais italaga ang sarili (i.e., ang mga armadong labanan at mga katulad na kalamidad ay nangangailangan ng ibang kasanayan at hindi maituturing na katulad ng nasabing sitwasyong emergency; ito ay nangangailangan ng partikular na pagsasanay);

- May karanasan sa pagtatrabaho sa multi-kultural na gawain at nauunawaan ang kultura at wika ng mga taong kanilang tutulungan;
- Mayroong pangunahing kakayahan sa mga interbensiyong sakop ng IASC Guidelines;
- May pangunawa sa mga prinsipyo ng kalusugang pampubliko o sikolohiya ng pamayanan;
- May liham ng pag-anyaya mula sa bansa kung saan naganap ang emergency o mula sa isang itinatag na internasyonal na organisasyon na may awtoridad na magbigay ng serbisyo sa kinaroroonan ng emergency;
- Inanyayahan na magtrabaho bilang bahagi ng isang organisasyon na nakatuon sa pagtulong sa nakatalagang lugar ng emergency;
- Hindi nila itinuon ang kanilang gawain sa pagpapatupad ng mga nakasanayang interbensyon (i.e., klinikal na trabaho) ngunit sa halip ay "magbigay ng suporta sa mga programa sa pangkalahatang antas, kabilang na ang pagsasanay sa mga lokal na kawani, upang ang interbensyon at suporta ay maipatupad ng mga lokal na kawani sa kanilang nasasakupang lugar" (IASC, 2007, pp. 74-75).

Dahil sa IASC guidelines on Mental Health and Psychosocial Support in Emergency Settings at sa isang etikal na obligasyon na magtrabaho sa saklaw ng kakayahan ng isang tao (tingnan ang IUPsyS Universal Declaration of Ethical Principles for Psychologists, Principle 2), inirerekomenda na ang mga sikolohista mula sa labas ng rehiyong nakakaranas nang kagipitan na hindi magbigay ng mga direktang serbisyo sa mga dayuhang bansa sa mga komunidad na naapektuhan ng kalamidad

Kung ang mga nabanggit na pamantayan sa itaas ay natugunan, ang sikolohista ay maaaring magkaroon ng isang eksepsyon mula sa pangkalahatang tuntunin. Ang mga sikolohista na gustong sumuporta sa makataong gawain kasunod ng human-cause o natural na mga sakuna ay hinihikayat na maghanap ng mga alternatibong partikular na tumutugon sa mga ipinahayag na pangangailangan ng mga organisasyong makatao na nakatalaga sa lokasyon ng kalamidad.

Kung saan ang mga sikolohista ay inanyayahang tumulong, inirerekomenda na ang suporta ay ilaan para sa pagpapatupad ng mga sinang-ayunang interbensiyong psychosocial, kung saan ang boluntaryong sikolohista ay nagbibigay ng konsultasyon at / o pagsasanay ng mga lokal na tagapagsanay.

Sa pagbibigay ng konsultasyon, pagsasanay ng mga tagapagsanay, at/o pagbibigay ng mga mapagkukunan sa mga proseso ng pagbawi para sa isang populasyon na apektado ng isang emergency, mahalagang kilalanin ng mga sikolohista ang malawak na pagkakaiba ng kanilang kultura at mga pananaw mula sa kultura, karanasan at konteksto ng apektadong populasyon na kanilang tinutulungan. Ang mga sikolohista na nagtatrabaho upang suportahan ang populasyon sa mga lugar na apektado ng emergency ay dapat maging napaka-ingat at kumuha ng multi-kultural na pananaw sa paggawa ng mga rekomendasyon. Halimbawa, ang karanasan ng mga tao sa mga tromatikong kaganapan at kung paano sila nagpapakita ng pagkabalisa mula rito ay hindi pareho sa iba't ibang tao sa mundo. Bukod dito, ang mga paraang ginagawa upang malunasan ang pagkabalisa nila mula sa mga ganitong kaganapan ay magkakaiba din.

Ang isang malawak na psychosocial na tugon sa pagbawi ay nangangailangan ng pag-unawa at pagkonsulta sa lokal na komunidad at sa mga namumuno ng mga grupong may kaugnayan sa pag-aalaga ng kalusugan ng isip, gayundin sa mga apektadong grupo at mga indibidwal na tao. Ang pagsasalin ng mga konseptong pang-edukasyon (i.e., Western-dominant o kung hindi man ay nakatanim na sa kultura) at mga kagamitan ay hindi sapat. Ang pagbibigay ng diagnosis at paggamot na walang basehang ebidensya para sa partikular na populasyon ay maaaring makapinsala sa kanilang mga tinutulungan.

Kailangan ding malaman ng mga mananaliksik ang obligasyong protektahan ang mga taong kabilang sa mga internasyonal na pananaliksik na ginagawa sa mga lugar na may kagipitan. Kabilang dito ang mga kaugnay na etikal na code at mga alituntunin para sa proteksyon ng taong nabanggit (IASC Recommendations for Conducting Ethical Mental Health and Psychosocial Research in Emergency Settings, 2014).

Mga Tungkuling Pang-internasyonal ng mga Sikolohista

- **Magbigay ng Mga Mapagkukunan ng Impormasyon, Konsultasyon at/o Pagsasanay ng mga Tagapagsanay**
 - Maaaring mag-alok ang mga sikolohista na may karanasan sa kalusugang pangkaisipan sa sakuna at/o kalusugang pampubliko ng naaangkop na materyales para sa adaptasyon/pagsasalin, kumunsulta sa mga kilalang organisasyong makatao at/o mag-alok na magbigay ng pagsasanay sa mga internasyonal na kasamahan upang sila mismo ay makapagsanay ng mga lokal na eksperto.
 - Makabubuti itong maisakatuparan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga naitatag na organisasyon, tulad ng pambansang asosasyong sikolohikal o rehiyonal na mga organisasyong multilateral at mga non-government na organisasyon (halimbawa, ang International Federation of Red Cross at Red Crescent Societies). Kung ang isang ipinahayag na tulong mula sa mga sikolohista ay dumating sa pamamagitan ng mga organisasyong ito, mas nararapat na makipag-ugnayan sa mga ahensya at isama ito sa imprastraktura ng kanilang pagtulong.
- **Bumuo ng Collaborative na Relasyong Pananaliksik sa mga Sikolohista sa (mga) Apektadong Rehiyon**
 - Ang mga collaborative na relasyong pananaliksik ay maaaring tumulong sa mga lokal na propesyonal sa kalusugan ng isip sa pag-aaral ng mga sikolohikal na aspeto ng sitwasyong pang-emerhensiya, na naglalagay ng batayan para sa mas epektibong pagtugon sa hinaharap.
 - Ang epektibong pagtatasa ng mga sikolohikal na pangangailangan at mga mapagkukunan, at pagsusuri ng mga interbensyon ay may partikular na kahalagahan.

Tungkulin para sa mga Sikolohista sa kanilang mga Tahanang Bansa

- **Suportahan ang mga Taong Direktang Apektado ng Sitwasyong Pang-emergency**
 - Ang mga sikolohista ay maaaring humingi ng mga pagkakataon sa kanilang mga lokal na komunidad upang magbigay ng tulong sa mga taong direktang nasalanta ng mga sakunang natural o gawa ng tao.
 - Maaaring kabilang dito ang mga tao mula sa apektadong lugar at ang mga taong naapektuhan ang kanilang mga mahal sa buhay.
 - Maaari ring isama rito ang mga international relief worker na nakauwi na.
- **Ipahayag ang mga Internasyonal na Alituntunin at Pamantayan**
 - Ang mga sikolohista ay dapat may angkop na kaalaman tungkol sa mga internasyunal na psychosocial na interbensyon. Maaari rin silang magbasa at magpakalat ng impormasyon tungkol sa mga internasyonal na alituntunin at pamantayan. Makakatulong ito na matiyak ang maayos at tunay na pagtugon sa pagtulong.
- **Magpahayag ng Pag-unawa tungkol sa Pagkakaibang Kultural upang tumugon sa Mga Tromatikong Pangyayari, Mabisang Pamamaraan at estratehiya para sa Suportang Sikolohikal**
 - Ang mga Traumatic stress, reaksiyon mula sa mga ito at ang mga naaangkop na interbensyon para sa trauma recovery ay malalim na nakapaloob sa kultura ng isang tao. Ang simpleng pagsasalin at paglalapat ng modelo o estratehiya mula sa ibang mga bansa ay hindi kailanman magiging sapat tungo sa internayonal na pagtugon. Ang lahat na mga interbensyon ay kinakailangang nakabatay sa pakikipagugnayan sa komunidad at lokal na kadalubhasaan. Ito ay dapat ding nakabatay sa isang modelo ng masusing pakikipag-ugnayan.
 - Ang mga sikolohista ay dapat may angkop na kaalaman tungkol sa mga pagkakaibang kultural, espirituwal, lingwistiko, at nasyonal, tungkol sa mga kondisyong pampulitika at panlipunan na bumubuo sa mas malawak na konteksto ng mga sitwasyon ng mga taong nakaligtas, tungkol sa mga lokal na paghahatid ng pangangalaga, at mga lokal na tugon sa mga apektadong populasyon, at isama ang impormasyong ito sa kanilang pagsasanay at konsultasyon.
- **Maghanda para sa Kinabukasan**

Hinihimok namin ang mga sikolohista na gustong tumulong sa mga sitwasyong pang-emergency na maghanda ngayon sa pamamagitan ng pagkuha ng pagsasanay sa kalusugang pangkaisipan sa kalamidad. Ang mga pangmatagalang pangangailangan para sa mga taong bihasa sa konsultasyon at pagsasanay sa mga lugar na apektado ng kalamidad ay malamang na magpapatuloy sa mga darating na taon.

Potensyal na gumawa ng pinsala

Napakahalaga na iayon ng sikolohista ang kanilang tulong sa mga emergency base lamang sa kanilang saklaw ng kadalubhasaan. Kung hindi ito gagawin, ito ay maaaring magdulot ng pinsala sa pasyente, na masasabing isang paglabag sa etika. Ang responsibilidad ng sikolohista na kilalanin ang kanilang mga limitasyon sa pagsasanay ay kritikal sa pagtulong sa mga nakakaranas ng matitinding kondisyon, tulad ng trauma o Post-Traumatic Stress Disorder (PTSD). Ang pagpapakita ng mga sintomas ay nag-iiba-iba sa mga kontekstong sosyo-kultural, tulad ng mga epektibong interbensyon. Ang kabiguang tumugon nang tama sa mga kundisyong ito o mga pagtatangka na magbigay ng mga serbisyong hindi naaangkop sa kultura ay maaaring magresulta sa paglala ng lusog-isip at mas malalang reaksiyon. (Tingnan ang: Guidelines for International Training in MHPSS Interventions).